

PAGLAGAY NG OBSERVATION WELL

1. Pumili ng pinitak na maaaring kumatawan sa kabuuan ng inyong bukid. Maaaring ito ay ang una hanggang ikalawang pinakamataas na pinitak.
2. Sa pinitak na napili, nainam na ilagay ang observation well 1 hanggang 2 metro ang layo mula sa gilid upang madaling masilip ang loob nito.
3. Hawakan ang observation well, ibaon sa lupa, at hugutin ito kasama ang naipong putik sa loob.
4. Ulitin ang proseso ng pagbabaon sa lupa hanggang umabot ang observation well sa markang 'tag-ulan' kapag tag-ulan o sa markang 'tag-araw' kapag tag-araw naman.
5. Ayusin ang observation well nang patayo at siguraduhin na ang mga marka ay patag at pantay sa lupa.

PAGGAMIT NG OBSERVATION WELL

1. Sa panahon ng tag-ulan, patubigan ang palayan hanggang umabot sa pinakataas na bahagi ng tubo. Sa panahon ng tag-araw, magpatubig hanggang 5-sentimetro ang taas sa lupa o sa linyang may marka na "tag-ulan".
2. Silipin lagi ang observation well.
3. Magpatubig sa palayan kapag wala ng nakikitang tubig sa observation well.

BENEPISYO NG KONTROLADONG PAGPAPATUBIG

- Makatipid sa patubig ng hanggang 33% na walang bawas sa ani
- Nagtataguyod ng pagkakaroon ng mataas na zinc sa lupa sa butil ng palay
- Mas magandang bunsuran ng ugat upang maiwasan ang pagdapa
- Nababawasan ang pagtagas ng methane.

SANGGUNIAN:

- ♦ ROMEO J. CABANGON, Water Management, August 7, 2013, Crop and Environmental Sciences Division IRRI, Los Baños, Laguna, Philippines
- ♦ Water Management in Irrigated Rice: Coping with Water Scarcity
http://www.knowledgebank.irri.org/ewatemat/courses/course1/resources/books/water_management_1.pdf
- ♦ Climate Change at Pagpapalayan. PhilRice. Science City of Muñoz, Nueva Ecija
- ♦ Photo sources:
<http://www.panoramio.com/>
<https://ccafs.cgiar.org>
<http://iri.org/>

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa:

Agricultural Training Institute
REGIONAL TRAINING CENTER II
San Mateo and Cabagan, Isabela
email: ati_region2@yahoo.com
2017



<http://ati.da.gov.ph/rtc2/>



@aticagayanvalley



@atirtc02

Reprinted by:


AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE

PAGTITIPID NG TUBIG SA PAGPAPALAYAN



Agricultural Training Institute
REGIONAL TRAINING CENTER 02
San Mateo and Cabagan, Isabela

Ang tamang pamamahala ng patubig ay isang mahalagang hakbang sa matagumpay at tuloy-tuloy na pagsasaka ng palay.



Mahalaga ang ginagampanan ng patubig sa pagpapalayan, ngunit kadalasan ito ay hindi nagagamit ng wasto.

Ang kakulangan sa tubig ay nararanasan ng mga magsasaka lalo na ang mga sakahan sa hulihan. Maliban dito, inaasahan ang pagbaba ng suplay ng tubig mula sa irigasyon sa susunod na panahon sanhi ng pagbabago ng klima. Dahil dito, kailangan ang maayos na pamamahala ng patubig.

MGA PARAAN UPANG MAKATIPID SA TUBIG

♦ SA PAGHAHANDA NG LUPA

- Gawin ang mababaw ng pag-araro pagkatapos mag-ani
- Ayusin ang pilapil at kanal sa unang pagpapatubig pa lamang o bago dumating ang tag-ulan
- Paikliin ang panahon ng paghahanda

ng lupa


- ♦ Isang linggo para sa hindi madamong bukid o sa tuyong pag-araro sa bukid
- ♦ Hanggang dalawang linggo para sa bukid na may sariwang pinaggapasan
- ♦ Tatlong linggo para sa madamo at mayroon pang pinaggapasan
- Kung maaari, gawin ang paghahanda ng lupa kapag ito ay mamasa-masa pa lamang
- Patagin ng mabuti ang bukid na mayroong 2-3 sentimetro ng lalim ng tubig

♦ PAGTATANIM

- Magpatubig ng sapat lamang hanggang 21-30 araw pagkalipat-tanim o ihinto muna ang pagpatubig hanggang 10-15 araw pagkasabog
- Patuyuin pansamantala ang palayan kapag tapos ng magsuwi. Magandang gawain ito kumpara sa tuloy-tuloy na pagkalubog ng palayan. Bababa ng 80% ang pagtagas ng *methane* at hindi mababawasan ang ani. Praktikal ang paraang ito sa mga patag at may tiyak na patubig na palayan. Subalit maaaring tumubo ang damo habang walang tubig sa palayan at tumagas din ang nitrohen. Kailangan nito ang tamang pangangasiwa sa palayan.

- Gamitin ang kontroladong (lubog-litaw) pagpapatubig. Ito ay mainam na gamitin sa tamang pangangasiwa ng patubig gamit ang *observation well*.

May mga pag-aaral sa India, Pilipinas, Japan, Indonesia, at iba pang bansa ang nagpapakita na nakokontrol ng paraang ito ang pagtagas ng *methane* sa himpapawid nang hindi bumababa ang ani.



PAGGAWA NG 'OBSERVATION WELL'

1. Kumuha ng isang biyas ng kawayan na walang buko o kaya ay PVC. Putulin ito sa haba na 25 sentimetro (sm)
2. Mula sa pinakaitaas na bahagi ng kawayan o PVC hanggang sa 5 sm (2 pulgada), maglagay ng paikot na marka at sulatan ng 'tag-ulan'. Mula sa markang tag-ulan, sumukat muli ng 2 pulgada at lagyan ng marking 'tag-araw'
3. Butasan ang kawayan o PVC ng 3 sm (mahigit isang pulgada) sa pahabang direksyon at 5 sm (2 pulgada) sa palapad na direksyon na gamit ang 3-5 milimetro ng laki ng pambutas (drill bit). Ulitin ito hanggang sa bandang ilalim ng tubo.